**Pangangalagang Pangkalusugan ng SEIU 1199NW Pinagtibay ng Lupong Pang-ehekutibo Hulyo 2, 2020**

# Resolusyon sa Pagkondena ng Rasismo at Xenophobia Laban sa mga API Sa Gitna ng Pandemya ng COVID-19 at sa Hinaharap

**KUNG SAAN,** higit 2 milyong mga Asian Pacific Islander (API) sa U.S. ang nagtatrabaho sa mga industriya ng pangangalagang pangkalusugan, transportasyon, at serbisyo, at karamihan sa kanila ay nasa mga frontline ng pandemya ng COVID-19.

**KUNG SAAN,** sinusubukan ng mga manggagawang API na mabuhay sa pandaigdigang pandemya habang nagtatrabaho nang walang maayos na personal protective equipment at nakakaranas ng rasismo, diskriminasyon at xenophobia

**KUNG SAAN,** gumamit ng retorika ang mga kandidato at nahalala na opisyal sa kanilang mga pampublikong pahayag tungkol sa pandemya ng coronavirus na nagpapatuloy ng makasaysayang diskriminasyon sa mga Asian Pacific Islander na nagreresulta sa nakakabahala at dumaraming kaso ng mga atake habang kumakalat ang COVID-19.

**KUNG SAAN,** ang mga uring manggagawang imigrante at community of color ay madalas pagbuntunan ng sisi sa gitna ng mga pampublikong krisis sa kalusugan o tuwing digmaan

**KUNG SAAN,** ang virus ay walang kinikilalang manggagawa, lahi o katayuan sa imigrasyon

**KUNG SAAN,** kailangan natin ng mga takip sa mukha, test, ventilator, kama sa ospital, at kailangan ng mga manggagawa sa frontline ng proteksyon para sa kaligtasan sa lugar ng trabaho, hazard pay, may bayad na sick leave, pangangalagang pangkalusugan anuman ang laki o industriya ng employer.

**KUNG SAAN,** hindi natin kailangan pa ng mga corporate bailout kung ang mga pinakamahihirap nating populasyon, kabilang ang maraming imigrante, ay hindi kabilang sa Families First Coronavirus Response Act.

**KUNG SAAN,** responsibilidad ng mga pulong ng partido na tuligsain ang anumang anyo ng rasismo at xenophobia, kilalanin ang ambag ng mga manggagawang API sa ating komunidad; at ipakita kung paano maaaring makiisa ang mga kakampi sa gitna ng pandemya ng COVID-19 at sa hinaharap.

**SAMAKATUWID, NAPAGPASYAHAN NA tinutuligsa at kinokondena ng SEIU ang anumang anyo ng rasismo at pandidiskrimina**

**DAGDAG PA RITO AY NAPAGPASYAHAN DING**

1. Magpapatuloy ang SEIU na itanyag at kilalanin ang magigiting na pagsisikap ng mga miyembro ng API sa frontline sa paglaban sa pandemyang ito sa frontline

2. Magpapatuloy ang SEIU na subaybayan ang mga insidente at kaso ng mga anti-Asian na pag-atake, at panagutin ang kasalukuyang administrasyon, mga naihalal na opisyal at lahat ng kandidato kasama ang kanilang mga kakampi sa kanilang retorikang may rasismo.

3. Makikipagtulungan ang SEIU sa mga pinuno ng unyon, kandidato, naihalal, at kakampi na isama sa lahat ng mga pagkakataon ng talakayan na tuligsain ang mga anti-Asian na pag-atake sa ating mga komunidad sa gitna ng pandemya at sa hinaharap.

4. Magbibigay ang SEIU ng mga sanggunian para makatulong sa pag-iwas ng pagkalat ng maling impormasyon

5. makikipagtulungan sa SEIU ang pulong ng partido sa pagbuo ng estratehiya sa buong unyon kung saan kasama ang pagkolekta at pagsubaybay sa data sa mga API na miyembro ng SEIU para lalong mabigyan ng batayan ang mga kinkailangang aksyon para labanan ang mga dumaraming pag-atake sa komunidad ng API.

Mga Ginawang Pagkilos: Pinagtibay ng Pangangalagang Pangkalusugan ng
SEIU 1199NW Lupong Pang-ehekutibo Petsa: Hulyo 2, 2020